Republic of the Philippines
Province of Cavite
**AMADEO WATER DISTRICT**
012 J. dela Peña St., Brgy. 9, Amadeo, Cavite
Telefax: (046) 483-1508 / Cel. No. 0925-5554285
www.amadeowd.com / amadeowd@yahoo.com

## KASUNDUAN PARA SA PAGPAPAKABIT NG TUBIG

Pangalan ng Magpapakabit:____________________________
Uri ng Paggagamitan:____________________________
Numero ng Metro:____________________________
Ikinabit ni:____________________________
Opisyal na Resibo Blg:____________________________

Tirahan:____________________________
Talaan Blg:____________________________
Unang Basa ng Metro:____________________________
Pangalan o Tatak ng Metro:____________________________
Petsa ng Pagkakabit:____________________________

Ang kasunduang ito ay ginawa para sa pagpapakabit ng linya ng tubig alinsunod sa kasalukuyan at iba pang patakaran at panuntunan *(Rules and Regulations)* na ipinatutupad ng Tanggapan ng Tubig ng Bayan ng Amadeo, Cavite.

Bilang karagdagan dito, ako'y tatalima sa mga sumusunod:

1. Ang kabuuang halagang itinakda ng Tanggapan ng Patubig ay kailangang bayaran bago ikabit ang metro ng tubig: Registration Fee: P 2,500.00, Water Meter at mga materyales na gagamitin sa pagpapakabit ng linya. Bumili ng mga materyales na gagamitin sa pagpapakabit ng bagong "service connection" base sa iminungkahing "specifications" ng tanggapan. Maaari din bumili sa tanggapan ng Amadeo Water District ngunit kailangan bayaran ng buong halaga.

2. Agad na ipagbibigay alam sa Tanggapan ng Patubig, sakaling masira ang metro ng tubig o anumang mangyari dito ay nakahandang bayaran ang anumang kasiraan o kaya'y kung papalitan, maliban kung ang sanhi ng pagkasira ay di-inaasahang sakuna (force majeure). Makalipas ang tatlong taon ay makakatanggap ng sulat mula sa tanggapan ng patubig na ang metro ay kailangang palitan at bayaran (life span ng metro: tatlo (3) hanggang limang (5) taon).

3. Ang anumang nasirang linya ng tubig na hindi dumadaan sa metro ay nararapat na ipagbigay alam agad sa aming tanggapan sa loob ng 24 oras upang ito ay makumpuni. Ganun din ang tubong sira na hindi pa nakikilala ang may-ari ay pansamantalang puputulin upang maiwasan ang *Non – Revenue Water (NRW).*

4. Ang metro ng tubig ay ilalagay sa labas ng inyong bakuran at mapapasama sa mga naka-cluster na metro para madali sa amin ang magreading at para maiwasan ang anumang problema. Kung sakaling ang metro ay tumigil sa pag-ikot (stucked), ang inyong kasalukuyang konsumo ay ibabase sa anim (6) na buwang konsumo habang hindi pa napapalitan ng tanggapan ang metro.

5. Kailangan din pong magkaroon ng tangke o iba pang mapapag-ipunan ng tubig na sasapat sa loob ng 3 araw bilang paghahanda kung sakali't mayroong dumating na pangyayaring hindi maiiwasan na maging dahilan ng pagkaantala ng serbisyo ng tubig.

6. Ang pagpapa-igib o pagbebenta ng tubig ay ipinagbabawal. Kung sakaling mapag-alaman na kayo ay nagbebenta ng tubig o ginagamit ang inyong pinalinyahang koneksyon sa Business, gagawin po naming "Commercial Rate"ang inyong nakunsumo.

7. Ipagbigay-alam sa Tanggapan ng Patubig sa loob ng tatlumping (30) araw bago dumating ang takdang petsa kung ang serbisyo ng tubig ay hindi na kailangan.

8. Kailangang bayaran ang buwanang gamit ng tubig (Monthly Bill) sa takdang araw (due date) ng pagbabayad. Hindi maaring tumutol na putulin ang serbisyo ng tubig kung hindi makakabayad ang animnapung (60) araw at magbayad ng karagdagang P250.00 para sa muling pagpapakabit (Reconnection fee).

9. Na bibigyan ko ng kapahintulutan ang kawani ng Tanggapan ng Patubig na bisitahin ang linya ng aming tubig para patunayang wala kaming ikinakabit na "booster pump"o anumang bagay na ipinagbabawal ng Tanggapan.

10. Na tutupadin ang nilalaman ng PD 198 na nakasaad sa ibaba:

**Seksyon 31 – Protection of Water and Facilities of the District**
(Pagmamalasakit sa Tubig at Iba Pang Kagamitan ng Patubig)

(C.) Mahigpit na ipinagbabawal sa sinuman tao o korporasyon ang magbili / gumamit ng tubig sa nasasakupan ng Amadeo Water District ng walang pahintulot o permiso.

(D.) Pangangalagaan at pagmamalasakitan ang paggamit ng tubig. Ang sinumang tao na mapatunayang kumabit ng walang pahintulot mula sa Tanggapan ng Patubig ay ipinagbabawal. Ang pakikialam sa metro o gumamit ng tubig na hindi dumaan dito, gumamit ng iba't ibang paraan at iba pang uri ng pagnanakaw ng tubig kung mapatunayan ay makakasuhan at mapaparusahan ng tinatawag na *"Prison Correcional"* sa pinakamababang antas o pagmumulta ng halagang mula sa P 2,000.00 hanggang P 6, 000.00 o kaya'y pareho.

Bilang patunay at pagtanggap sa kasunduang ito ay nilagdaan ko ngayong ika - _____ ng ____________, 20____.

**PARA SA TANGGAPAN NG PATUBIG:**

**NILO C. DELA PEÑA**
TAGAPAMAHALA

_____________________
APLIKANTE

_____________________
SAKSI

_____________________
SAKSI